

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koryano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Aplikasyon para sa munisipyong pabahay (Shiei-Jutaku)

【Ano ang Shiei-Jutaku?】Ang Shiei-Jutaku ay munisipyong pabahay na itinayo sa kooperasyon ng bansa at siyudad, na may mababang singil ng paupa para sa mga nahihirapan makahanap ng tirahan o mga taong medyo mababa ang kinikita. Hindi katulad ng pribadong paupa, may mga kwalipikasyon ng paninirahan ng Shiei-Jutaku katulad ng mga limitasyon ng kita at iba pa.

Walang key money o renewal fee para sa Shiei-jutaku, subalit magkaroon ng income survey taon-taon at italaga ang halaga ng upa depende sa survey.

【Mga kwalipikasyon sa Pag-aaply】 □ Kasalukuyang naninirahan at naghahanap-buhay sa loob ng siyudad ng Kawasaki ng may mahigit 1 taon □ Ang tinatanggap na sweldo ay kabilang sa nakatalagang limitasyon ng sahod. □ Nahihirapang makahanap ng tirahan, at iba pa.

【Panahon ng pag-aplay】 Tumatanggap ng aplikasyon ng dalawang beses sa isang taon dito sa Kawasaki City.

Mayo (Spring)・・・ mula katapusan ng Mayo ~ umpisa ng Hunyo

(Panahon ng pag-pasok mula Oktubre ~ Marso sa susunod na taon

Oktubre (Fall)・・・ mula katapusan ng Oktubre ~ umpisa ng Nobyembre

(Panahon ng pag-pasok mula Abril ng susunod na taon ~ Septyembre)

【Katanungan】 KAWASAKI SHI JYUTAKU KOKYU KOUSHA SHIEI JYUTAKU KANRI KA

Koueji Jyutaku bu Shiei Jyutaku Kanrika: Tel 044(244) 7578

<http://www.kawasaki-jk.or.jp/shiei/index.php4>



Seminar ng pagsulat ng Aplikasyon ng Shiei-Jutaku para sa mga dayuhan.

Kung interesado kayo, mangyaring sumali!

【Kailan】 Ika-29 ng Mayo (Linggo) , 13:30~16:00


【Saan】 Kawasaki International Center(12 minutong lakarin mula sa istasyon ng Motosumiyoshi ng Tokyu Toyoko line/ Meguro line)

【Mga dapat dalhin】 Papel na makakapagpatunay ng sahod ng nakaraang taon (Gensen choushu-Hyo atbp.)

【Bilang】 20 katao (Mag-aplay sa telepono hanggang Ika-20 ng Mayo.)

【Katanungan · Saan mag-aplay】 Kawasaki International Association

TEL.044-435-7000 FAX.044-435-7010



「Multilingual na konsultasyon tungkol sa DV (domestic violence)」

Ang ibig sabihin ng DV ay “pananakit mula sa asawa” sa pangkalahatan. Ito ay isang kilos ng pagkontrol sa asawa sa pamamagitan ng pananakit. Kasama dito ang mga live-in partner o divorced partner.

Ang DV sa harap ng bata ay pwedeng maging “Abuso sa bata”, at ito ay magbibigay ng matinding sugat hindi lamang sa biktima ng DV kundi sa isip at katawan ng mga bata.

Ang DV ay isang malubhang paglabag sa karapatang pantao, kabilang ito sa mga kriminal na aktibidad, at isa sa mga problemang dapat ayusin ng buong lipunan .

Saan puwedeng kumunsulta

* Kanagawa-ken Haigu-sha Bouryoku Sodan Shien Center[Wikang Hapon](TEL. 045-313-0745)
Para sa mga multilinguwal na konsultasyon (Ingles·Intsik·Koreano·Espanyol·Portuges·Tagalog·Thai)
(TEL.050-1501-2803)Lunes~Sabado mula 10:00-17:00

* Kawasaki-shi Danjo Kyodo Sankaku Center”Hello Womens #110”(TEL:044-811-8600)

* Kawasaki City Human Rights Ombudsperson(TEL:044-813-3111)

* ”Konsultasyon para sa mga dayuhan” sa Kawasaki International Center: (TEL:044-435-7000)

Ingles·Intsik·Koreano·Espanyol·Portuges·Tagalog, at Wikang Hapon/



Ukol sa konsiderasyon ng pag-extend ng visa dahil sa kalamidad ng Tohoku Earthquake.

Ayon sa Ministry of Justice noong ika-16 ng Marso 2011, ang mga taong nagtataglay ng lahat ng kondisyon A, B at C ay mabibigyan ng naturang konsiderasyon at pwedeng humaba ang period ng visa hanggang **Ika-31 ng Agosto, 2011.**

- A Balido ang inyong visa.
- B Matatapos ang inyong visa bago mag-August 30, 2011
- C Noong nagkalindol, kayo ay nasa lugar na apektado ng kalamidad, o ang lugar ng nakarehistrong tirahan ay nasa lugar ng kalamidad sa Tohoku.

Kasali dito ang mga kasong naninirahan sa bansa dahil sa espesyal na dahilan / nakarehistro bilang dayuhan sa takdang lugar , at nakaalis sa bansa nang may permiso ng muling pagpasok noong araw ng ika-11 ng marso, at pumasok ulit sa Hapon hanggang Ika-30 ng Agosto 2011, mabibigayn din ng naturang konsiderasyon sa itaas. (kung pumasok ulit sa loob lamang ng balidong panahon ng muling pagpasok)

※ Katanugan: Gaimu Shou Zairyu Sougou Information Center(0570□013904) (IP, PHS, overseas call :03-5796-7122) , o nakipag-ugnayan sa lokal na immigration office sa inyong lugar(Yokohama branch 045-769-1720, Kawasaki Branch 044-965-0012)

Para sa mga estudyanteng dayuhan na umuwi sa sariling bansa dahil sa lindol.

Maraming estudyanteng dayuhan ang umalis sa bansang hapon pagkatapos ng pangyayari ng malaking lindol at mayroong hindi kumuha ng permiso ng muling pagpasok (re-entry)dahil sa pagmamadali.. Sa kasong ito, kailangang nila ang bagong visa para sa bagong semester mula sa Abril, subalit sa kooperasyon ng Ministry of Foreign Affairs, ang mga Embahada o Tanggapang Konsulado ng Japan ay nagpapahayag na hangga't maaari ay gagawing simple ang mga pamamaraan/proseso para sa pagkuha ng visa ng mas mabilis, para hindi mahuli sa pasukan ng bagong semester.



※Para sa mga katanugan:Ministry of Foreign Affairs, Consular ServiceCenter, Visa Information sec. (Telepono03-5501-8431), o sa Embahada o Tanggapang Konsulado ng Japan sa inyong lugar.

Ukol sa Imbestigasyong kumpirmahin ang kaligtasan ng mga biktima

Upang kumpirmahin ang kaligtasan ng mga biktima sa Tohoku Earthquakes, maaaring magtanong sa Ministry of Justice, Immigration Service, kung umalis na ba ang biktima sa bansa.

Mangyaring itanong sa pamamagitan ng Telepono, Fax o E-mail, at ibigay ang nasyonalidad , pangalan, arawng kaarawan, kasarian, at tirahan(puwedeng hanggang distrito lamang) ng dayuhang gustong itanong, at ang iyong nasyonalidad , pangalan, kaarawan, kasarian. tirahan , contact number (Telepono o fax) at relasyon ng dayuhan na gustong itanong sa pamamagitan ng wikang Hapon o Ingles.

Para sa mga katanugan : Ministry of Justice Immigration Service Administration div. Immigration information center : Telepono 03-3592-8120 FAX 03-3592-8129 E-mail nyukan44@moj.go.jp

Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Association

•Iskedul ng konsultasyon (10:00~12:00 13:00~16:00) Telepono 044-435-7000

(Libre)

Wika	Araw
Ingles	Mula Lunes hanggang Sabado
Portuges	Martes•Biyernes
Koreano	Martes•Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles•Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles•



•Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon)

•Asao Ward office (Libreng konsultasyon)

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	Mula 14:00 pm Hanggang 16:30 pm
Intsik	Una at Ikatlong Martes	Mula 14:00 pm Hanggang 16:30 pm
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	Mula 9:30 am Hanggang 12:00 noon

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	Mula 9:30 Hanggang 12:00 noon
Intsik	Una at Ikatlong Martes	Mula 9:30 am Hanggang 12:00 noon
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	Mula 14:00 pm Hanggang 16:30 pm

*Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi (Wikang Hapon) 2F Kawasaki International Center conference room

Ika-15 ng Mayo Linggo, mula 14:00~16:00 (kailangan ang reserbasyon para sa interpreter.)